Alberta

**Bagong**
publikasyon

# Bagong website para sa referendum sa taglagas

Ika-23 ng Abril

## Isang bagong website ang inilunsad upang magbigay sa mga taga Alberta ng impormasyon para sa nalalapit na panlalawigang referendum sa Okt. 19.

Makikita na ngayon sa online ang mga impormasyon at mahahalagang tanong para sa nalalapit na panlalawigang referendum, tungkol sa imigrasyon at konstitusyon na pinaninindigan ng isang malayang Alberta sa loob ng nagkakaisang Canada. Maaaring bisitahin ng mga taga Alberta ang AlbertaReferendum2026.ca upang tingnan ang siyam na tanong sa balota at para makuha ang mga kaugnay na impormasyon tungkol sa mahahalagang isyu bilang gabay sa pagboto.

"Ang Alberta ay binuo ng mga taong naninindigan para sa kanilang pinaniniwalaan. Mula sa mga magsasaka at may-ari ng rantso, hanggang sa mga manggagawa sa enerhiya, mga guro at nars, ang Alberta ay isang lugar kung saan ang mga tao ay nagtatrabaho para sa isang bagay na mas dakila kaysa sa kanilang sarili. Ang referendum na ito ay nagbibigay sa mga taga Alberta ng direktang boses sa kung paano natin itutuloy ang pamanang ito, at para lumikha ng isang mas malayang Alberta sa loob ng isang nagkakaisang Canada."
*Danielle Smith, Premier*

Ang referendum sa 2026 ay gaganapin sa Okt. 19 kung saan ang gobyerno ng Alberta ay maglalatag ng siyam na tanong na pagbobotohan ng mga taga Alberta. Ang mga tanong sa balota ay nagmula sa mga rekomendasyon ng Alberta Next Panel matapos ang malawakang konsultasyon sa mga taga Alberta, mga eksperto sa paksa, at mga gumagawa ng patakaran mula sa buong lalawigan, bilang bahagi ng proseso ng townhall ng Alberta Next.

Ang mga tanong sa referendum ay nagmumungkahi ng mga konkretong aksyon na maaaring gawin ng gobyerno ng Alberta upang palakasin ang kalayaan ng Alberta sa loob ng isang nagkakaisang Canada.

Lima sa siyam na tanong ay may kinalaman sa patakaran sa imigrasyon ng lalawigan. Ang imigrasyon ay palaging mahalagang bahagi ng kasaysayan ng Alberta, ngunit ang mga patakarang pederal ay nagdulot ng malaking pasanin sa mga silid-aralan, emergency room, at mga serbisyong panlipunan, at nagbibigay ng kahirapan sa mga serbisyong inaasahan ng mga taga Alberta araw-araw. Ang referendum na ito ay nagtatanong sa mga taga Alberta kung paano ba dapat tumugon ang mga panlalawigang patakaran upang mapanatiling naa-access at gawing pangmatagalan ang mga sistemang ito, at upang unahin ang mga taga Alberta.

Apat sa siyam na tanong ay nagmumungkahi ng mga paraan kung paano maaaring makipagtulungan ang lalawigan sa iba pang mga lalawigang may katulad na pananaw upang isulong ang mga layuning pagbabago sa konstitusyon. Ang paghahati-hati ng mga kapangyarihan na itinatag noong 1867 at

1982 ay naging malabo dahil sa labis na pakikialam ng pederal na pamahalaan. Ang mga lalawigan ay malaki ang ipinagbago sa nakalipas na 150 taon at dapat magkaroon ng higit na awtonomiya mula sa Ottawa. Ang mga layuning pagbabago sa konstitusyon ay titiyak na ang Alberta ay mas malayang magawan ng paraan mga isyung kinakaharap ngayon.

"Ito ay tungkol sa pagbabalik ng mga desisyon kung saan sila nararapat, sa mga taga Alberta. Sa pamamagitan ng bagong website na ito, tinitiyak namin na ang mga tao ay makakagawa ng matalinong mga desisyon at makakaboto nang may kumpiyansa habang tumutulong sila sa paghubog sa kinabukasan ng lalawigan."
*Mickey Amery, Ministro ng Hustisya*

Ang pagboto ay gaganapin sa Okt. 19 ng Elections Alberta. Ang pagboto ay susunod sa prosesong katulad ng isang panlalawigang halalan, na may mga polling station at mga papel na balota na magagamit para sa mga kwalipikadong botante ng Alberta.

**Kaugnay na impormasyon**

- Mga Referendum – Elections Alberta
- Mga rekomendasyon ng panel ng Alberta Next

**Mga kaugnay na balita**

- Darating na panlalawigang referendum ngayong taglagas (Peb. 20, 2026)

**Multimedia**

- Makinig sa talumpati ng Premier
- Panoorin ang kumperensya ng balita

**Mga katanungan ng media**

Sam Blackett
sam.blackett@gov.ab.ca
587-589-6048
Press Secretary, Tanggapan ng Premier

Heather Jenkins
Heather.Jenkins@gov.ab.ca
780-245-0421
Press Secretary, Hustisya